Chapter One

"Ouch!" Sapul sa ulo ang sixteen-year-old na si Kaye Marie Leynes. Bahagya siyang napasuray at napasapo sa kanyang ulo. Tamaan ba naman siya ng soccer ball nang dumaan siya ng soccer field.

Papunta na siya sa kanyang mga kaibigan at kasamahan sa *Right Care Youth* o *RCY* na nakakumpol sa isang tabi ng ball field. May tinugon kasi silang request na at least ay may *RCY* responders na nakaantabay roon para makapag-first aid sakaling may mangyaring disgrasya sa practice. Tuloy, kahit Sabado ay nandito sila sa campus. Mahigpit ang practice ng mga kabilang sa soccer team dahil palapit na ang championship. Pasok sa semi-finals ang team.

Napalingon siya sa direksyong pinanggalingan ng bola habang palapit sa kanya ang nag-alalang best friend na si Victoria a.k.a. Vicky. Binigyan niya ng isang matalim na tingin ang goalkeeper na si Ivan Jayce Laxa. Nakataas ang isa nitong kamay na mukhang nag-a-apologize pero nakangisi naman.

Ang sarap batukan nito! asar na naisip ni Kaye.

Nagtitimpi lang siya. Napansin niyang natawa ang cheerleader na si Stella Magno na syota ni Ivan. Nagtawanan ang iba pang kalaro ng lalaki. Lalo lang siyang nainis.

"Ano? Okay ka lang ba, bes?" tanong ni Vicky sa kanya.

Pumito ang coach ng team, si Mr. Gayon. Sa halip na sagutin ang kaibigan ay kinuha niya ang bolang nasa di kalayuan at saka pumorma upang sipain iyon.

"H-hindi mo gagawin 'yan, bes," ani Vicky na parang may warning sa tono.

Napakagat-labi si Kaye at saka sinipa ang bola sa direksyon ni Ivan. Kasabay ng pagsipa niya ng bola ay ang paglipad ng sapatos niya sa ere.

"Sh*t!" Napamura siya. Hindi niya napunang maluwag pala ang liston ng sapatos niya kaya hayun. Natamaan ang girlfriend ni Ivan sa mukha habang

ang bola ay na-shoot sa goal.

Nakita niyang napamaang si Ivan sa nangyari. Binigyan siya ng matalim na tingin ni Stella na sapo ang kaliwang pisngi. Pinulot nito ang sapatos niya at itinapon sa kanya.

"You b*tch!" mura nito.

Buti na lang at nakaiwas siya kundi ay sapul uli siya.

"Sorry, Stella!" sabi ni Kaye. Pinulot niya ang kanyang sapatos at nakitang tumakbo ang boyfriend nito palapit sa babae. Tiningnan nito ang mukhang namula. Isinuot na niya ang sapatos.

"Hoy, Leynes! Sinadya mo 'to, ano?" Lumapit sa kanya ang binatilyo para komprontahin siya.

Pumagitna si Vicky. "Ikaw kaya 'tong nakatama ng bola kay Kaye. Kung hindi mo sinadya 'yon, pwes hindi rin niya sinadya 'yung pagkakatama ng sapatos niya kay Stella," depensa ng kaibigan niya.

Pumito si Mr. Gayon. "Laxa! Balik sa pwesto!" sigaw nito.

Nakita pa ni Kaye ang nagbabagang mga mata ni Ivan nang mag-angat siya ng mukha sa matangkad na classmate. He gave her a warning look before he went back to his position.

Si Stella ay umalis na kasama ang kaibigan

nitong cheerleader. Siguro ay pupunta itong clinic. Nunca itong lalapit sa kanilang mga first-aider.

Naglakad na lang silang magkaibigan patungo sa pwesto ng *RCY* na naka-station doon.

Napangisi sa kanya si John. "Nice goal, Kaye!" Nakipag-high five ito sa kanya. "Two birds in one kick, ah!" tudyo nito.

Hindi talaga niya sinadya ang nangyari kay Stella. Ang target niya ay si Ivan para makabawi. Pero iba ang kinarma.

"Sinadya ba ni Laxa na tamaan ako ng bola?" tanong niya sa mga ito. Nakatalikod kasi siya.

"Itinapon ni Ivan 'yung bola mula sa harap ng goal para ipasa kay Asher. Kaso, masyadong mataas kaya hindi naabot ni Asher at 'ayun nga tumama sa ulo mo," ani John.

"Ang lakas, ah!" komento niyang napasulyap kay Ivan. Noon niya napunang nakatingin ang lalaki sa kanya. Pero nagbawi rin ito ng tingin nang papalapit ang taga-kabilang team.

Sinipa ni Joshua ang bola para mag-goal pero na-block iyon ni Ivan gamit ang katawan. Nag-bounce ang bola at agad nitong nahawakan iyon saka sinipa patungo sa direksyon ni Asher. Kahit paano ay napahanga siya sa goalkeeper nila. Two years in

a row na silang champion dahil sa magaling nilang goalie at sa teammates nito.

Well, may credit din si Mr. Gayon, siyempre. Isang national athlete noon ang coach bago ito nag-retire at saka nagturo ng PE at nag-coach sa kanilang school team.

"Wala ka bang bukol, bes?" tanong ni Vicky. Sinalat nito ang ulo niya.

Bahagya niyang tinabig ang kamay nito. "OA ka naman, bes. Hindi bukol ang makukuha ko sa soccer ball kundi pagkakalog ng utak. Kainis talaga ang Laxa na 'yan!"

Natawa ang mga kasamahan sa *RCY*.

"Kayo lang dalawa talaga ang nagtatawagan sa apelyido n'yo, ano? Doon kayo magkasundo, eh, 'no?" tudyo ni Vicky.

Umismid siya. Hindi kasi sila in good terms ni Ivan sa simula pa lang. Ewan ba niya. Hindi niya masyadong matandaan kung ano ang pinagmulan.

Baka dahil iyon sa palaka? Classmates sila mula first year at hanggang ngayon na fourth year na sila.

Biology class nila at ayaw hawakan ni Ivan ang palaka para i-dissect at sila ang nagkataong partners na pinares ng kanilang Biology teacher. Hindi niya alam na kulang pala ang pampatulog na naibigay

sa palaka kaya bigla na lang nagkamalay iyon at tumalon.

Pumasok iyon sa pang-itaas niyang uniform, sa gitna ng dibdib niya. Napatili si Kaye. Tinulungan siya ng lalaking nataranta at binuksan ang butones ng kanyang blusa. Tumambad rito ang kanyang nakasandong dibdib. Nasampal niya nang di oras si Ivan samantalang nahulog sa sahig ang palaka na patuloy na tumalon-talon palayo sa kanila.

Napahiya siyang masyado dahil buong klase nila ang nakasaksi sa pangyayari. Um-absent pa siya sa sumunod na araw dahil doon.

O dahil ba sa Kendo class nila sa Physical Education? First year sila noon at sila uli ni Ivan ang partners dahil magkalapit ang apelyido nila. Noon ay halos magkasing-tangkad lang sila ng lalaki. Hindi pa sumesenyas ang kanilang guro ay napalo na niya si Ivan sa ulo at nagkaroon ito ng bukol. Nataranta kasi siya noon dahil lalaki ang ipinares sa kanya ng kumag na teacher. Bakit kasi hindi babae ang ipinares sa kanya?

Kapag partners sila ay puro na lang disgrasya ang inaabot nila. Tuloy sa tuwing ginagawa iyon ng kanilang teachers ay sabay na silang nagde-decline at nag-request ng ibang kapareha. At mula noon ay

hindi na talaga sila nagkasundong masyado ni Ivan. Siguro masasabing archenemies sila.

"Tss! Baka the more you hate, the more you love 'yan, ah?" tukso ni Vicky sa kanya.

Umismid siya. "Ano? Hell-ow? Kami pa? Di mo ba nahalata? Hate namin ang isa't isa! Tigilan mo nga ako!"

"Hmm. Pero nasaan 'yang mga mata mo, aber?" dagdag pa ni Vicky na ayaw paawat.

Napasulyap kasi siya nang hindi sadya kay Ivan na naka-concentrate ngayon sa laro. Mukhang ayaw nitong mapagalitan ulit ni Mr. Gayon.

"Hus! Sabihin n'yo lang kung ayaw n'yo 'kong makasama," balik niya.

"Oy, huwag naman!" ani John.

What the hell's wrong with her? saloob-loob ni Ivan. *Alam niyang nagpa-practice kami, hindi siya nag-iingat. Natamaan ko siya tuloy sa ulo. Naturingang first aider, aanga-anga.*

Inis na tiningnan ng binatilyo ang dalagitang kasama na ngayon ng iba pang *RCY* members. Napatitig pa siya kay John na titig na titig kay Kaye.

Huh! Siguro dahil sa John na 'yan kaya hindi niya napuna ang bola kanina.

Shorts at T-shirt ang suot ni Kaye na pinaresan ng sneakers. Napailing-iling siyang napaisip tungkol kay Stella.

Ayos lang kaya siya? Parang nagasgasan ang mukha niya dahil sa sapatos ni Kaye.

Pagkatapos ng kanilang soccer practice ay tumuloy na sila ng teammates niya sa cafeteria para bumili ng maiinom na napakalamig. Naubos na kasi ang tubig nilang nasa ice bucket. Sumunod sa kanila ang first aiders na bumili ng snacks.

Isang chicken sandwich at saka soft drink ang order ni Kaye.

Napatingin si Ivan sa dalagita, sa ulo nito. Naitanong niya sarili kung ayos lang kaya ito. Alam niyang malakas ang pagkatapon niya ng bola kanina. Akala niya ay makukuha iyon ni Asher.

"Umalis ka na nga diyan kung tapos ka nang bumili," inis na sabi ni Kaye nang mabangga sa kanya dahil sa pagtulak ni Vicky rito. Sa halip na mag-sorry ito ay sinungitan pa siya.

Nalanghap pa niya ang pabango ng dalagita at ang mabango nitong buhok. May kung anong hatid iyon sa kanyang pandama. Kumurap siya at binigyan ito ng isang malamig na tingin bago tumalikod.

Sumunod na si Ivan sa kanyang teammates

na pumuwesto sa isang mesa malapit sa exit door. Hinugot niya ang cell phone mula sa kanyang knapsack nang marinig ang alert tone.

Si Stella.

Nag-text ito at nagsabing hindi na muna sila magde-date ngayon dahil may band-aid ito sa mukha at nahihiya itong lumabas.

Napabuga na lang siya ng hininga. Kasalanan ito ni Kaye. Kawawa naman ang girlfriend niya.

"O, hindi ba susunod si Stella?" tanong ni Asher.

Umiling si Ivan at inubos na ang malamig na tubig sa bote. Ishinoot niya iyon sa pinakamalapit na garbage bin.

"Uuwi na lang ako pagkatapos nito," sabi niya.

"Akala ko ba maggu-group date tayo?" reklamo ni Asher. "Papunta na ngayon dito si Lana."

"Kayo na lang. Ayaw mo n'un? Masosolo mo siya?" pabirong tugon niya.

"Sabagay," ani Asher na natawa, pati na ang mga kasamahan nila.

Napasulyap siya sa mga first aiders na pumuwesto sa katapat na mesa. Nagtatawanan ang mga ito dahil sa kung anong sinabi ni John. Napadako ang mga mata niya kay Kaye.

Ngayon lang niya napansin na hugis-puso ang

mukha ang babae, mapupula ang mga labi kahit walang bahid ng lipstick, at tuwid ang mahaba nitong buhok. Makinis at maputi ang balat nito at medyo singkit na mga mata. May katangusan ang ilong nito at natural na maarko ang mga kilay. Malalantik ang pilik-mata nito at itim ang irises. May dimple pa ito sa kaliwang pisngi.

Nakita niyang pinisil ni John ang pisngi nito at napaiwas na lang siya ng tingin. Hindi niya nakita ang pagtabig ni Kaye sa kamay ng kaibigan kasabay ng pandidilat ng mga mata sa binatilyo.

Next month na ang kanilang championship. Dapat lang na galingan nila sa semi-finals sa susunod na dalawang linggo. May oras pa sila para makapag-practice nang maigi.

Pagka-Lunes ay agad niyang chineck ang mukha ni Stella nang pumasok siya ng kanilang classroom. Nakita niyang maayos naman ito kaya para siyang nabunutan ng tinik. Maarte kasi ito lalo na pagdating sa mukha.

Inimbitahan niya itong kumain sa labas pagkatapos ng huli nilang subject.

"I'm sorry, Ivan. Susunduin ako mamaya ni Dad, eh. We're going to see my Tito," sabi nito.

"I see. How about tomorrow?"

Nakangiti itong nagkibit-balikat. "We'll see."

Tumango na lang si Ivan. Tinungo niya ang kanyang puwesto sa last row at umupo na nang pumasok ang kanilang teacher. Napatingin pa siya sa puwesto ni Kaye na dalawang upuan ang layo mula sa kanya na nasa second to the last row. Ngumiti ito sa katabing si John at may tinanggap itong isang kahon ng chocolates.

Huh! Nagpapaligaw pala talaga siya kay John?

"Bes, nakikita mo ba ang nakikita ko?"

Siniko si Kaye ni Vicky sabay nguso nito sa direksyon ni Stella sa labas ng gate. Kasasakay lang nila sa kotse ni Vicky. Nag-carpool na lang sila dahil gamit ng kanyang Kuya Kyle ang extra na kotse. Sira kasi ang sarili nitong kotse na nasa talyer pa at ayaw nitong mag-commute. Buti na lang at magkapareho sila ng subdivision ni Vicky kaya wala siyang problema na makisakay dahil hatid-sundo ito ng driver.

Sumakay ang cheerleader sa isang brand new na kotse na kulay puti. Sa pagkakaalam nila ay asul ang kotse ng boyfriend nito. Nagkatinginan silang dalawa na nasa backseat.

"Manong, pakitigil saglit sa tabi ng kotseng 'yan,"

utos ni Vicky kay Manong Onyok. Ginawa iyon ng driver. Nakita nilang hinalikan ni Stella sa labi ang lalaking nasa driver's seat. Kapwa nandilat ang mga mata nilang magkaibigan.

"Oh, sh*t!" nausal ni Kaye.

"Damn!" sabi ni Vicky. "Tara na po, Manong Onyok!" utos nito sa driver.

Ilang araw pagkatapos niyon ay nahalata niyang hindi na palaging magkasama sina Stella at Ivan. Narinig na lang nila ang chismis na naghiwalay na ang mga ito at iyon ay dahil may iba nang boyfriend si Stella na isang college boy.

Lihim na napangiwi si Kaye. Hindi niya akalaing ipagpapalit ni Stella si Ivan. Aminado siyang si Ivan ang pinaka-attractive sa campus nila. Bukod sa pagiging athletic, magaling din ito sa klase. He had all the qualities of a perfect boyfriend. Campus crush nga ito, eh. At halos dalawang taon din itong naging boyfriend ni Stella.

Naglalakad siya sa pathway isang araw papunta sa classroom para sa first period ng hapong iyon. Sinabayan siya ni John at may ibinigay muli itong box of chocolates.

"Na naman?" Tunog nagrereklamo ang tinig ni Kaye. "Sabihin mo kasi kay Joshua na tigilan na

niya ’to.”

“Hmm. Nagliligawan kayo sa pathway pa? Tumabi nga kayo diyan!” Sinadya pang dumaan ng nakasimangot na si Ivan sa gitna nilang dalawa ni John.

Chapter Two

Nagtaas ng kilay si Kaye na sinundan ng tingin si Ivan. Umismid siya. "Hmp! Bitter much?"

Natawa si John.

"Hoy! Ano 'yan?" Inakbayan silang dalawa ni Vicky. Sabay-sabay silang naglakad patungo sa kanilang classroom, nasa unahan nila si Ivan.

"Chocolates," sabay na sabi nila ni John.

"Oy, pahingi, bes!" sabi ni Vicky na nakangisi sa kanya. "Galing ulit 'to kay Joshua, ano?"

"Nahihiya pa rin kay Kaye kaya ako ang kinausap niya para ilakad ko siya," ani John.

Tinukso siya agad ng kaibigan. "Ayiee… hindi mo ba sasagutin, bes?"

Napataas siya ng kilay. "What? Wala akong gusto sa kanya, ano? Bakit ko siya sasagutin?"

"Guwapo naman si Joshua, ah. Soccer player, nasa top ten, at mayaman," punto ng kaibigan.

Napailing siya rito. "Wow! Bes, ini-emphasize mo talaga na mayaman, ano? Ano ako? Mukhang pera lang?"

Napalunok ang kaibigan bago sumagot sa kanya. "Importanteng standard na din 'yon, bes, sa panahon ngayon. Dapat may pera siya, di ba, para makapag-date kayo?"

Napatigil siya sa paglalakad at napatingin dito. "Gano'n? Perang hiningi niya sa magulang niya? Hindi ba dapat ang standard ay may trabaho ang isa sa inyo para hindi na hihingin sa magulang ang pang-date?"

Umiling-iling si Vicky. "Iba na ngayon, bes. Di ba, John? Ikaw ba, ano bang klaseng date meron kayo ni Sheena?" Taga-ibang academy ang girlfriend nito kaya bihira ang nakakakilala.

Napakamot sa batok si John. "Movies, gifts, kain, malling… gano'n."

"See? Kailangan ng pera nu'n," giit ni Vicky. "I bet nag-iipon si John galing sa allowance niya at hindi nagtatrabaho.

Napabuntong-hininga si Kaye. “Pwede namang mag-date nang hindi talaga gumagastos.”

“Ang kuripot mo talaga kahit kailan!” sabi ni Vicky. “Akin na nga ’yang chocolates mo.” Inagaw nito ang box para kumuha ng isang piraso. “Hmm… ang sweet ni Joshua, ah! Nalalasahan ko talaga!” Parang kinikilig pa ito.

Natawa na lang sila ni John at binawi na ng lalaki ang chocolates para ibigay ulit sa kanya. “Ikaw pa ang nauna kaysa sa binigyan. Ang kapal mo, Vicky!”

Hinampas ito ni Vicky sa braso kaya napaaray ito. Pumasok na sila ng classroom at nakita ni Kaye na kausap ni Ivan sina Asher at Joshua. Nahihiyang ngumiti sa kanya si Joshua at napansin nito ang hawak niyang box ng chocolates. Nginitian niya lang ito nang matipid at pumuwesto na sa kanyang upuan.

“Uyy! Nagkatinginan sila!” tudyo ni Vicky na medyo may kalakasan.

Nang sinabi nito iyon ay nagkatinginan silang dalawa ni Ivan. Nagbawi siya ng tingin mula kay Ivan at pasimpleng ipinasok sa backpack ang chocolates. Ibibigay niya iyon mamaya sa Auntie Lilian niya na mahilig sa chocolates. Pero dapat na niyang kausapin si Joshua para hindi na ito umasa pa at tigilan na rin nito ang pagbibigay ng kung ano-ano.

"May meeting tayo with Sir Pierre mamaya sa *Right Care* office," saad ni Vicky na umupo sa harap niya. "Pupunta ka?"

Tumango siyang ngumiti rito. "Siyempre."

"Don't forget to pass your project tomorrow. Deadline na," paalala ng kanilang Geography teacher nang mag-ring na ang bell, hudyat na tapos na ang kanilang klase.

Paalis na sina Ivan, Joshua, at Asher sa classroom nang matapos ang kanilang huling period sa hapong iyon. Papunta na sila sa locker room para magbihis at makapag-practice.

"Josh?" narinig nilang tawag ni Kaye.

Napalingon silang tatlo sa dalagita. Nakatingin ito nang derecho sa kasamahan ni Ivan sa soccer team.

"Kaye," nasambit ng nangingiting si Joshua rito.

Nagtataka si Ivan kung bakit nito kinausap si Joshua gayong hindi ito kalimitang lumalapit o nakikipag-usap sa grupo nila. Ano kaya ang pakay nito sa kasamahan niya? Muli siyang napatingin kay Joshua na mukhang nag-iba ang reaksyon habang nakatitig kay Kaye.

Well, I'll be damned! Hindi ko man lang nahalata?

Tahimik lang kasi si Joshua at wala itong naikukuwento sa kanila ni Asher na may gusto pala ito sa kaklase nilang presidente ng *RCY*.

"Sige, mauna na kami ni Asher, Josh," saad na lang niyang napasulyap sa dalagita na parang nabunutan ng tinik.

Habang nagbibihis sila ni Asher ay nag-uusap silang dalawa.

"Hindi ko alam na may gusto pala si Josh kay Kaye," sabi niya rito. Iyon ang tawag niya sa dalagita kapag wala ito sa paligid.

"Huh! Manhid ka ba?" biro ni Asher. "Matagal nang may gusto si Joshua kay Kaye. Busy ka kasi sa cheerleader girlfriend mong cheater!"

He winced. Nakatingin pa rin si Ivan sa kanyang locker. "Paano mo nalamang may gusto si Josh kay Kaye?"

"Nabanggit minsan ni Joshua, matagal na. Noong una nating championship? May first aid station ang *RCY* n'un, di ba? Si Kaye ang naglagay ng ice pack sa paa niya pagkatapos ng laro. Kaya hayun, mula noon nagka-crush na siya kay Kaye. Hindi mo ba natatandaan 'yon?"

Hindi na lang siya umimik. Tama. Naaalala niya iyon. Na-sprain si Joshua noong patapos na ang laro.

"Sa tingin mo gusto rin siya ni Kaye?" Napabaling siya sa kaibigan.

Napatitig ito sa kanya saka napatawa. "Bakit hindi mo tanungin si Kaye?"

"F*ck you!" sabi ni Ivan at tumawa ito.

Napailing siya at binato ng extra jersey niya ang kaibigan. Natamaan ito sa mukha.

Pagdating nila sa ball field ay agad silang nag-warm up. Wala pa rin si Joshua. Mga fifteen minutes pa ang lumipas bago ito dumating at nagsimula na silang nag-practice. Napuna niyang parang wala ito sa sarili. Ilang beses rin itong nasita ni Mr. Gayon.

Kakausapin niya sana si Joshua pagkatapos ng kanilang practice nang humarang sa daan niya si Stella. Iniwan na sila ng mga kasamahan niya para makapagsarilinan naman sila sa unang pagkakataon mula nang maghiwalay sila more than a week ago.

"What do you want, Stella?" naiinip niyang tanong dito.

"Tell your lapdogs not to harass my boyfriend anymore. Binantaan nila si Adam na—"

"My lapdogs?" He scoffed. "I don't care about you or your new boyfriend! To hell with the both of you!" Tinalikuran na niya ito. Hindi niya alam kung sino ang tinutukoy nito pero wala siyang pakialam.

Sumunod sa kanya ang babae. "Really? You don't care anymore? Hindi ba't sabi mo gusto mo 'ko?"

Napatigil siya at hinarap ito. "Ano pa ba ang gusto mo, Stella? You've made a fool out of me!"

"Girlfriend mo nga ako, Ivan. But you never told me you loved me!" reklamo nito.

He looked at her. "Because I never did. But I liked you a lot and thought that's enough." He then caught sight of Kaye.

Papunta yata itong library dahil may dala itong apat na librong makakapal. Mukhang nahihirapan ito dahil siguro sa bigat. "You see, I realized there's only one person in my heart. And I thought she'd notice me if I were involved with someone else."

Napatingin ito sa direksyong tinitingnan niya. Napasinghap ang kausap. Nalaglag ang pangang napabaling ang tingin nito sa kanya.

Ngumiti siya kay Stella at iniwan na ito. Tumakbo siya para sundan si Kaye. Inagaw niya ang mga librong dala-dala nito.

"T-teka lang…" Nakakunot ang noo ang babae sa kanya.

"Sa library ka ba pupunta?"

"O-oo. Isasauli ko ang mga 'yan." Napakurap-kurap itong napatingin sa kanya. Napatingin ito sa

direksyong pinagmulan niya at nakita nito si Stella. "Um… akin na nga 'yan." Akmang aagawin nito ang mga libro pero iniiwas ni Ivan ang mga iyon.

"Ako na nga ang magdadala nito para hindi ka na mahirapan. Ang bibigat kaya ng mga ito," sabi niya. Totoo naman iyon. Napasulyap siya sa librong nasa pinakaibabaw. "Para sa Geography class natin?"

"Mamaya ko na gagawin 'yong project," sabi nito. "Deadline pa naman bukas."

Natawa siya. "Project natin hindi mo pa nagawa? Anong klaseng project ang magagawa mo overnight?"

Sumimangot ito. "Pakialam mo ba, ha?" angil nito.

"Hmm… what if I offer you something?"

"And the catch is?" Nananantiya ang mga mata ng kaharap.

Sumeryoso siya. "Alam ko na ayaw mong mag-boyfriend hangga't wala ka pang trabaho or wala pang trabaho ang boyfriend mo."

Napamaang ito. "P-paano mo nalaman ang tungkol diyan? Pero ano'ng kinalaman nu'n sa offer mo? Ano'ng konek?"

"If you must know, I work part-time for our family business. So pasado ako sa standard mo."

"Excuse me, ang sabi ko I'll get a boyfriend when I'm in college, not before."

"Pakinggan mo muna ako. Alam ko na nahihirapan kang tanggihan ang mga guys na nanliligaw sa iyo. So I'm offering to be your boyfriend until we graduate to help you discourage your suitors? Iyan ay kung payag kang maging rebound girl ko. What do you think?"

Ivan knew it was really not a good idea to strike a deal like this with Kaye. Pero gusto niyang ipakita kay Stella na kahit niloko siya nito ay wala iyon para sa kanya dahil may iba na rin siya. Isa pa, sa di niya maipaliwanag na dahilan, gusto niyang mas mapalapit kay Kaye.

Narinig niyang sinabi nito kay Vicky na ayaw muna nitong makipagnobyo habang nasa high school pa. That was why he kept his distance and turned his attention to someone else. Tuwing tinitingnan siya nang masama ni Kaye, gusto niyang isipin na nagseselos ito, pero mukhang lalo lang lumayo ang loob nito sa kanya simula nang maging girlfriend niya si Stella.

Pero salamat sa paggiging cheater ni Stella, naamin niya sa sarili kung sino talaga ang gusto niya. Pero tama bang sabihin kay Kaye na rebound

girl lang ang turing niya rito?

"Your rebound girl?" Natigil ito sa pagtatangkang kunin sa kanya ang libro.

"Well, it can be until the end of school year… or until forever? Your choice."

Napailing-iling ito. "Baliw ka ba? Gagawin mo akong panakip-butas dahil sa ginawa ni Stella sa 'yo? Sino'ng maniniwala na minahal natin ang isa't isa in just a short span of time na—"

"I'd tell them that you turned me down three years ago. But now, mag-on na tayo dahil na-realize mong mahal mo pala ako." Ngumisi pa si Ivan.

Napamaang ito at napailing-iling. "That's a lie. Besides, ayokong madamay sa gusot n'yo ni Stella. I'm fine on my own. Besides, I can take care of myself. I can manage my suitors. So, thank you very much for your stupid offer, Laxa!" Inagaw na nitong muli ang mga libro mula sa kanya at nagmartsa patungong library.

Gamit ang mga daliri ay sinuklay niya ang buhok. Napaingos siya. Sinundan niya si Kaye muli at kinuha ang mga libro nito.

Nauna na siya rito papuntang library.

Chapter Three

Hindi makapaniwala si Kaye na in-approach siya ni Ivan para makipag-deal sa kanya nang ganoon. Napasunod siya ng tingin dito nang mauna itong pumasok sa library.

Baka nasaktan lang itong masyado sa ginawa ni Stella at siya ang unang nakita para maging rebound girl nito. Ang lagi niya kasing naririnig na reklamo ni Stella sa 'ex-boyfriend' ay masyado raw busy sa ibang bagay si Laxa at hindi raw ito nag-a-'I love you' kahit sa text sa phone at lalo na sa personal. Hindi na rin siguro nakakapagtaka na nagkaroon ng iba si Stella, pero sana ay nakipag-break muna ito sa nobyo.

Napabuntong-hininga si Kaye at inalis ang mga

ito sa isip niya. Ano ba ang pakialam niya sa dalawa?

Bakit kaya siya pa ang inalok ni Laxa sa dinamidami ng babae sa campus na may gusto rito? Ang alam ng marami ay mortal enemies sila. Paano maniniwala ang mga ito na bigla ay 'couple' na sila?

Lumapit siya kay Laxa para isauli ang mga libro. Hinila na niya ang binata palabas. Sigurado siyang napansin sila ng chismosang student assistant.

Naloko na talaga.

"Sinadya mo bang sumama sa 'kin sa library?" tanong niya rito.

"Malinis ang intensyon ko at 'yun ay tulungan ka sa pagbubuhat ng mga libro." Nagkibit-balikat ang binatilyo. "Look, if you don't want to help me with my Stella problem, fine. I can't force you to."

"I'm sure may iba kang makikitang pang-rebound girl mo, Laxa," pagtataray niya sabay irap dito. Tinalikuran na niya ito para humabol sa kanilang meeting sa *Right Care* office.

Nakita niyang napayuko si Ivan nang malingunan niya. May kung anong sumundot sa parte ng dibdib niya dahil dito. Pilit niyang binalewala ang nararamdaman.

Nang tingnan niya ito sa mukha kanina ay seryoso ito kahit na walang sense ang deal nito. His

brown eyes were like a pair of magnets from which she couldn't look away easily. Matangos ang ilong nito at maganda ang porma ng mga labi.

Oo, guwapo talaga si Ivan. Matagal na niyang alam iyon. Pero bakit parang conscious na conscious siya rito ngayon sa mga katangian nito?

Naaawa ka lang sa kanya, Kaye, saloob-loob niya nang maisip ang ginawa rito ni Stella.

Nang dumating siya sa *Right Care* office ay nagsisimula na ang meeting nila. Dahil may nakasulat na agenda sa white board, nag-fill-in na lang ng detalye si Vicky para sa kanya. Kasama sa agenda nila ay ang soccer semi-finals next week na gagawin sa kanilang ball field.

Kinabukasan, nagtataka si Kaye na parang nagbubulungan ang mga nakakakita sa kanya. Sinalubong siya kaagad ni Vicky nang pumasok siya sa kanilang classroom. Nahuli pa niya ang matalim na tingin ni Stella sa kanya.

Nang sulyapan niya si Joshua ay nagbawi ito ng tingin na tila ba hindi ito mapakali.

"Ano'ng meron?" tanong niya kay Vicky habang ibinababa ang kanyang backpack.

Napansin niyang wala pa si Ivan. *Mabuti naman.*

"Hindi mo sinabi sa 'kin, ah!" May pununumbat

sa tono ni Vicky. "Sa iba ko pa tuloy nalaman."

Umupo siya, nakapagkit ang tingin sa kaibigan. "Nalaman ang alin?"

"Na sinagot mo na pala ang secret admirer mong si Ivan! Stella is pissed. Ingat ka, baka kalmutin ka niyan. Pero ano ba ang problema niya? Eh, siya naman ang nag-cheat kay Ivan, di ba? Pero kawawa naman si Joshua, o. Tsk. Tsk."

Napanganga siya sinabi ng kaibigan. "What?"

"Hindi mo talaga pinatagal, ah. Sinagot mo kaagad si Ivan?"

Napaawang ang bibig ni Kaye nang matahimik ang kanilang buong klase. Napatingin sila sa may pintuan ng classroom. Nakita niyang nakatayo doon si Ivan at nasa likuran nito si Asher.

Hindi na niya namalayan nang tumayo si Joshua at kuwelyuhan nito si Ivan. Tila nagulat ang huli sa ginawa ng kaibigan nito.

Agad siyang tumayo at awtomatikong pinaghiwalay ang dalawa.

"Ano ba?" naiinis na saway ni Kaye sa dalawang lalaki.

"You traitor!" narinig niyang anas ni Joshua kay Ivan.

"Ano'ng ginawa ko?" takang tanong ng binatilyo

rito.

Umiling lang si Joshua at lumabas ng classroom.

Bumaling sa kanya si Ivan. Napangisi ito.

"So, siya ang ipinalit mo sa 'kin?" sumbat ni Stella bago pa sila makapag-usap ni Ivan.

Napatingin sila rito. Sa kanilang tatlo nakatuon ang atensyon ng karamihan sa mga kaklase nila gayundin ng ilang schoolmates nilang nasa labas ng kanilang classroom.

Ang dami talagang fans ng Ivan na 'to! asar na naisip ni Kaye.

"I have nothing to say to you," Ivan told Stella.

Napalunok si Kaye nang hawakan siya ni Ivan sa kamay at inilayo kay Stella, at iginiya papunta sa kanyang upuan.

Umismid si Stella. "Hah! Kunwari ka pang wala kang pakialam kay Ivan, Kaye, pero naghihintay ka lang pala ng pagkakataon para mapasaiyo ang boyfriend ko. Ang galing mo rin, ano? Hindi ka ba naaasiwa? Magpapasahan ba tayo ng lalaki rito?"

Gusto niyang mapailing sa sinabi ng babae. Hindi niya alam kung bakit naisip nitong pinatulan niya ang boyfriend nito. Isa pa, hindi ba't ex na nito si Ivan? Hindi niya rin alam kung bakit parang naniniwala na agad ang lahat na sinagot na niya si

Ivan na "sekreto" raw na nanligaw sa kanya. Sino ba kasi ang may gawa-gawa ng istoryang iyon? Hindi kaya si Rika na isa sa student assistants sa library? She could rectify this and set the record straight. Hanggang sa mapatingin siya kay Ivan na nakahawak pa rin pala sa kanyang kamay. Bakit ba komportable siya sa hawak nito?

Humalakhak si Vicky. "Anong pasahan ng lalaki ang pinagsasabi mo? You have discarded him, so why do you care who's picked him up? Ikaw, di ka ba naaasiwa? You keep calling him your boyfriend samantalang may iba ka pang bf," pang-aalaska ni Vicky rito.

"How dare you? All of you are nothing but Ivan's lapdogs!" inis na sabi ni Stella at tumalikod na sa kanila. Lumabas ito ng classroom. Sinundan ito ng dalawang kaibigan nito.

Binawi ni Kaye ang kamay, hindi makatingin kay Ivan na nakatitig sa kanyang mukha. Ang bilis ng pagpintig ng kanyang puso.

"Sorry about that," tanging sabi nito. "Let's talk later."

Bago pa siya makasagot ay pumasok ang kanilang adviser na si Mrs. Abaya at nagsimula na ng klase matapos mag-check ng attendance.

"Nasa comfort room lang sila, Ma'am," sagot ng class monitor na si John nang magtanong ang guro kung bakit maraming wala sa upuan. Pagkaraan naman ng limang minutor ay bumalik na rin ang mga classmate nilang namarkahan ng 'late' sa attendance sheet.

Pagdating ng lunch break ay napabuga ng hangin si Kaye. Ang mga kaklase nila ay kumakain na kung di man nagtungo sa cafeteria. Nang sulyapan niya si Ivan ay naroon pa rin sa upuan nito ang binatilyo.

Nilapitan siya nito. "What's wrong?"

Nakiusyoso si Vicky. "Hindi ba kayo pupuntang cafeteria na dalawa, ha?" sabi ni Vicky na nasa pintuan na ng classroom nila. "Nagtitimpi lang talaga ako, pero kanina ko pa gusto magtanong, ha!"

"Susunod na ako," ani Kaye sa kaibigan at nauna na si Vicky, pero si Ivan ay naroon pa rin. "Naiwan ko iyong project para sa Geography class. Ngayong araw na ang deadline."

Napangiti ito sa kanya. "Need help?"

"Paano mo naman ako matutulungan?" sa halip ay tanong ni Kaye.

"As you well know, puwede akong humiling sa kahit sinong teacher natin ngayon na i-delay muna ang deadline ng project. Pero siguruhin mo lang na

dadalhin mo na next week." Umupo ito sa armchair sa tabi niya habang siya ay nanatili sa kanyang upuan na napatitig dito. Langhap niya ang pabango ng lalaki at katulad ng dati ay neat itong magdala ng damit o uniform.

"Asher heard some rumors. He filled me in earlier." Ikinuwento nila ang mga kumakalat na tsismis tungkol sa kanila. "Gusto kong malaman kung ano'ng desisyon mo ngayon? Are we going to keep this up or not?"

Hindi siya makasagot. Nalilito siya. Oo, may choice siyang sabihin ang totoo sa mga kaklase nila. Pero sa ginawa ni Stella, tila may kumalabit sa puso niya para pagbigyan si Ivan sa pakiusap nito.

It's not your problem, Kaye, babala ng isip niya.

Inilapit ni Ivan ang mukha sa kanya para magka-level ang mga mata nila. "What's up, Leynes? You can't decide?" He smiled teasingly at her, and he heart flipped.

Gayunman, sinalubong ni Kaye ang mga paningin ng binatilyo. Pilit niyang iniignora ang lakas ng pagtambol ng kanyang dibdib. "Okay. Pumapayag na ako. Let them believe that I'm your rebound girl." Mahina ang pagkakasabi niya niyon para di sila marinig ng ilang mga kaklase na kasama

nilang naiwan sa classroom. "And you don't have to do my projects for me. Sa suitor department, siguro nga may maitutulong ka."

Lumapad ang ngisi nito. Napansin niyang maputi at perpekto pala ang ngipin nito. Napalunok tuloy siya.

Sa mga sumunod na araw ay masaya si Ivan. Halos araw-araw niyang binibigyan ng bulaklak at kung anu-anong regalo si Kaye. Ramdam niyang hindi iyon pakitang-tao lang sa panig niya. Gusto talaga niyang gawin iyon para sa kanyang girlfriend–kahit na nga ba pretend girlfriend lang niya ito.

Ayaw niyang malaman ng kahit sino sa school na 'rebound girl' ang usapan nila ni Kaye . Para sa kanya ay tunay niya itong girlfriend, kahit na hindi nito alam ang bagay na iyon.

"So, dapat na mag-cheer ka para sa 'kin bukas sa semi-finals," sabi niya kay Kaye. Ninakawan niya ng halik sa pisngi ang dalagitang nakaupo sa bleachers at nanood sa practice nila. Tinukso tuloy sila ng mga kasamahan nito sa *RCY*.

"Siyempre naman gagawin 'yon ni Kaye para sa 'yo, 'no?" sansala ni Tina. "Boyfriend ka na niya, eh! Iginawa ka na nga namin ng banner. Ready na."

Natawa siya nang mahina nang pandilatan siya ni Kaye. Hindi iyon napuna ng mga kasamahan dahil nasa likuran ang mga ito.

"Ihahatid na kita sa inyo," sabi niyang hinawakan sa kamay si Kaye at hinila.

"Bakit ang sweet mo kay Kaye samantalang hindi ka naman grabe sa PDA kay Stella, ha?" ang obserba ni Vicky.

"May comparison talaga, Vicky?" aniya sa best friend ni Kaye. Observant kasi ito.

Pinisil ni John ang pisngi nito. "Usisera ka, ah! Naiinggit ka lang, eh."

"Sige, alisin mo na sa paningin namin 'yang si Kaye. Kanina pa 'yan parang gusto kang masolo, eh," biro ni John.

Napatingin siya kay Kaye at inakbayan ito. Nahuli niyang pinandilatan nito ang lalaking kaibigan.

"Tatamaan ka sa 'kin bukas, eh!" banta nito kay John sabay pakita sa maliit nitong kamao.

Sakay sa kanyang kotse ay tahimik pa rin si Kaye at nakatingin lang ito sa bintana.

"Kumusta si Joshua?" naitanong nito.

"He's coping," maingat niyang sagot. Hindi na siya kinikibo ni Joshua dahil 'official' na sila ni Kaye.

"I-it's really unfair to him. Sinabi ko sa kanyang hindi ko siya sasagutin dahil pag-aaral ang gusto kong atupagin and then poof! May instant boyfriend ako. Isn't that cruel?" Napabuga ito ng hangin.

"Alam mo naman kung ano ang setup natin. So, why do you care?"

Napamaang ito. "Of course, I care. Bukod sa lumabas akong sinungaling, parang ang dating pa ay gustung-gusto kita at di kita matanggihan.He's your friend, Laxa. Don't you care about his feelings? Baka naman puwedeng sabihin natin kay Joshua ang arrangement natin para di siya gaanong masaktan."

Hayun, balik na naman sila sa apelyido na tawagan dahil sila lang dalawa. How he wished she'd stick to calling him by his first name just like everybody else.

"I care about his feelings, too. For that, I told him I was sorry," turan naman ni Ivan. "Pero kung sasabihin natin sa kanya nagpapanggap lang tayo, parang paaasahin mo lang siya at akala ko ba ayaw mong gawin iyon?"

Hindi ito agad nakapagsalita. "His performance… paano kung hindi pa rin siya okay bukas? Ibabangko lang ba siya ni Mr. Gayon?" alalang tanong nito.

"Do you like Joshua?"

"He's nice. Yes, I like him. What's wrong with it?"

"Joshua is very competitive when it comes to soccer," he said instead.

Napatitig ito sa kanya nang husto.

"When it's an actual game, he'll come around. I trust him," dagdag niya.

Kinabukasan, suot ni Kaye ang T-shirt na puti na may logong *Right Care* at *Safety First* sa likod. Pinaresan niya iyon ng blue jeans. Naka-station siya kasama ang ibang first-aiders na mula mismo sa *Right Care* office at ang nurse at doctor nila sa school.

Nilapitan ni Kaye si Stella na nakasuot ng cheerleader's uniform. Ibinigay niya rito ang isang banner.

"That's your job, di ba?"

"Why don't you do it, too? Girlfriend ka ng goalie ng team natin," mataray na sagot ni Stella.

Ipinakita ni Kaye ang logo ng suot ng T-shirt nito. "Dapat neutral kami."

Natawa nang mapakla si Stella. "Tough! Hindi mo man lang mai-cheer ang boyfriend mong ex ko!"

Saktong noon lumapit si Ivan sa dalawa at medyo narinig nito ang diskusyon.

Nakangiting hinawakan niya sa kamay si Kaye.

"Come on, just give me a kiss. Pampa-good luck ko."

Nakita niyang napamaang si Kaye. He could see her discomfort. Pero alam niyang hindi siya nito ipapahiya sa harap ni Stella. She always did her end of the bargain. Tumiyad ito para halikan siya sa pisngi pero sinadya niyang ipihit ang mukha para talagang salubungin ang mga labi nito.

Hinawakan niya ito sa magkabilang pisngi para hindi ito agad makabawi. Nang matapos ang halik, wala na si Stella sa paligid. Hindi na niya namalayan kung kailan ito umalis.

"Good luck to me." Tiningnan niya sa mga mata ang dalagitang tila naliyo.

Napalunok si Kaye at nakita niya ang pamumula ng mga pisngi nito.

"G-good luck," naibulong nito.

Tinawag na siya ng kanilang coach.

Chapter Four

Oh, God! Did he just kiss me in front of all these people? saloob-loob ni Kaye. It was her first kiss. Para siyang itinulos sa kanyang kinaroroonan habang tumatakbo pabalik sa mga kasamahan si Ivan.

"Hoy! Bumalik ka na rito, Kaye!" tawag ni Vicky sa kanya mula sa kanilang station. May malaking payong at pabilog na mesa roon. Sa isang tabi ay may stretcher at ice bucket na may ice at ice pack.

Sa di-kalayuan ay may ambulansyang nakaabang. Lahat ay handa na para sa semi-finals na ito. Pagkatapos nito, kapag nanalo ang team nila, ay aabante sila sa championship bilang defending champion.

Napuna niyang nagkuros muna si Ivan at nakayuko ang ulo nito nang ilang segundo sa bawat poste ng goal nito, isang bagay na ritwal nito sa bawat game. Nagdadasal ito para iwas disgrasya. Kahit paano ay napahanga siyang lalo rito. Napakapa na naman siya sa sarili.

What she was feeling for him grew stronger every day. *Am I falling for you*?

"O, natulala ka na diyan. Nininerbiyos ka ba para sa goalie slash boyfie mo?" Si Vicky.

Siniko niya lang ito. Nagsimula na ang game. Nanalo sa toss coin ang team nila kaya nasa kanila ang bola. Sinipa ni Ivan nang malakas ang bola sa ere. Sinalo iyon ni Asher sa dibdib bago ipinasa kay Joshua. Itinakbo ni Joshua ang bola sa kabilang goal habang naghahabol ang tagabantay nito.

Joshua, please. I-goal mo, sabi niya sa isip.

Parang narinig siya nito. Sinipa nitong pa-anggulo ang bola. Pasok. Agad na nag-cheer ang kanilang cheerleading squad at ang mga manonood.

Sinipa ng goalie ng kabilang team ang bola kaya papunta na naman sa goal ni Ivan ang kalabang team. Hindi niya napunang nakakapit pala siya nang mahigpit sa katabing si Vicky at napaaray ito.

"Sorry," nausal na lang ni Kaye.

"Tsk! Di ko alam na ganito ka pala ka-affected sa game," sabi nito. "Ang galing mong magtago, bes. Ngayon mo lang ipinakita, ah."

"Shh!" saway niya rito.

Pinisil ni John ang pisngi ni Vicky at nagkulitan ang dalawa. Ilang minuto pa ang lumipas ay naka-goal nang dalawang beses ang team nila at isa naman sa kabilang team nang mag-half-time. Nag-atubili siyang lapitan si Ivan pero itinulak siya ng kaibigan at ibinigay sa kanya ang isang tuwalya. Inginuso nito ang boyfriend niya.

Napilitan na lang siya at humarap sa kanya ang binata habang nagsasalita ang coach ng mga ito. Ibibigay lang sana niya ang towel nang dumukwang itong bahagya para magka-level ang kanilang mukha. Napangiti na lang siya at pinahiran ang mukha nito na pawisan. Parang nangungusap ang mga mata nito sa kanya.

Nag-skip muli sa pagpintig ang puso ni Kaye nang dahil sa malagkit na titig ni Ivan. Nag-iinit ang kanyang mukha dahil sa ginagawa nito. Tumikhim siya bago nagsalita.

"M-mukhang tama ka nga. Maayos ang performance ni… Joshua ngayon kaysa sa practice n'yo."

Nakita niyang nag-iba ang ekspresyon sa mukha ni Ivan. "So you've been watching him?" Hinawakan nito ang kamay niya at kinuha ang tuwalyang hawak niya.

Hindi lang siya ang pinapanood ko. In fact, ikaw ang palagi kong pinapanood, aniya sa isip. *Ewan ko. Nagbabawi lang ako ng tingin sa tuwing patingin ka sa direksyon ko.*

"Nag-aalala lang ako dahil semi-finals n'yo," marahang sabi niya.

He smiled at her but it was cold. "Of course. I assure you, we'll win this game." Hinaplos nito ang kanyang pisngi at medyo napasinghap si Kaye. Bumalik na ito sa mga kasamahan.

Gaya ng sinabi ni Ivan ay nanalo ang team ng mga ito, pero may kabayaran iyon. Nagkaroon ng injury ang isa sa midfielders. Agad itong dinala ng ambulansya sa ospital pagkatapos malapatan ng first aid. Mukhang isesemento ang binti nito kaya hindi na ito makakapaglaro sa championship.

"Na-tense ka talaga sa tuwing papunta sa goal ni Ivan 'yung kalabang team, ano?" napahagikgik na sabi ni Vicky sa kanya habang naghahanda na silang umalis pagkatapos ng laro.

"Ha? Hindi, ah!" deny pa niya.

Umismid ang kaibigan. "Napapatayo ka, eh! Aminin mo na kasi! Worried kang baka kung mapaano siya kaysa sa maka-goal ang kalaban. Naisip mong baka mauntog siya sa pole o kaya—"

"Gano'n ba ang reaksyon niya, Vicky?" sabat ni Ivan na nakalapit na pala sa kanila.

"Ganern!" sabi nitong lumingon sa lalaki. "Oy, congrats, ah!"

Ngumisi ito sa kaibigan niya. Napansin ni Kaye na parang iba ang aura ni Ivan ngayon kaysa kanina noong half-time nang ma-mention niya si Joshua.

"Magse-celebrate lang kami. Sama kayo. May budget naman ang team!" nakangiting imbita ni Ivan na nakatitig pa rin sa kanya.

"Oy, sama daw tayo!" sigaw ni Vicky sa mga kasamahan nila sa *RCY*.

Sa isang restaurant sila nagpunta. Mamahalin at kilala ang resto na iyon. Minsan na silang kumain dito ng pamilya niya noong birthday ng Kuya Kyle niya.

"You've been here, right?" halos pabulong na tanong ni Ivan.

Napatingin siya rito at nagkahinang ang kanilang mga mata. Hindi na niya alintana ang kanilang mga kasamahang nakamasid sa kanila. Tumango siyang

may matipid na ngiti.

"Oo. Noong birthday ni Kuya Kyle last year."

"I know. I was here. Hindi mo ako napansin."

Napakurap-kurap si Kaye. Hindi niya alam ang sasabihin. Nag-order ang lahat ng kani-kanyang gustong pagkain. Napasulyap siya sa coach at sa mga teammates ni Ivan na masayang binalikan ang kanilang laro kanina. Nanghihinayang ang mga ito na hindi nakasama ang midfielder na naospital.

"Galing ng forward natin, ah!" ang sabi ni Asher kay Joshua na inakbayan ito.

Napapahiyang ngumiti si Joshua na nasa tapat ni Kaye. Ngumiti siya rito at naramdaman ang pasimpleng pag-akbay ni Ivan sa kanya. Napatingin siya rito at nakangiti ito sa kanya.

"May ibibigay pala ako sa 'yo bilang memento ng araw na 'to," sabi nito sa kanya. Inilabas nito ang isang maliit na kahon at napasinghap pati sina John at Vicky.

Napakurap-kurap siyang napatingin sa kahon habang tila natahimik ang lahat na nasa mahabang mesa.

*Sh*t! Ano 'tong ginagawa niya? Nakakahiya!*

Nag-iinit talaga ang mga pisngi ni Kaye dahil sa ginagawa ni Ivan. Parang gusto niyang lamunin

na siya ng lupa dahil sa pagkapahiya. Lahat ng pares ng mga mata ay parang nasa kanilang dalawa. Nang buksan ni Ivan ang kahon ay nakita niya ang dalawang singsing na naroon.

Customized couple rings? Hindi niya alam kung ano ang mararamdaman. *Isn't he taking this pretend rebound relationship a little too far?*

Pero kinikilig siya sa kaibuturan ng kanyang puso. Kung ganito makipagrelasyon si Ivan sa isang babae, bakit ipinagpalit ito ni Stella sa iba? O ginagawa ba ito ni Ivan para pagselosin si Stella? Wala ang cheerleading squad sa victory party na ito dahil may ibang party raw na dadaluhan ang mga cheerleader.

Pero ba't gagawin niya ito ngayon kung kelan wala si Stella para mapanood ang eksenang 'to? Nagtataka si Kaye. Nalilito.

Kinuha ng lalaki ang mas maliit na singsing at isinuot iyon sa daliri niya. Napakagat-labi siya.

Paano niya nalaman ang ring size ko?

Parang gusto na niyang lumundag sa kilig pero pilit siyang nagpakanormal lalo na't pakiramdam niya ay nanonood ang lahat. Hinalikan pa ni Ivan ang kanyang kamay pagkatapos maisuot ang singsing.

Nahigit niya ang hininga.

"Isuot mo naman 'tong sa 'kin," bulong ni Ivan sa kanya at kinilig sina Vicky at John sa ginawa nito. Nakangiti sa kanya ang lalaki.

Kinuha niya ang singsing nito at saka isinuot iyon sa daliri nito. Hinawakan nito ang kanyang kamay hanggang sa dumating ang kanilang in-order.

Nang magkita sila ni Stella pagdating ng Lunes ay binigyan siya nito ng isang matalim na tingin. Tiningnan nito ang kanyang daliring may suot na singsing.

Binalewala niya ito nang harangan siya nito sa hallway papunta sa kanilang classroom.

"Kung may sasabihin ka, sabihin mo lang. Now na," aniya rito. Magka-height sila kaya nagkatinginan sila nang mata sa mata.

"Hah! Akala mo ba ay in love talaga sa 'yo si Ivan? You're sorely mistaken, Kaye," sabi nito, may mapait na ngiti.

Napalunok siya. "Whatever's between me and him has nothing to do with you." Bakit parang ang smooth niyang magsinungaling ngayon? Ito ba ang epekto ng pagpayag sa kunwa-kunwariang relasyon nila ni Ivan?

"Are you sure? Just in case you don't know, you're his rebound girl, Kaye," tila puno ng concern na sabi ni Stella.

Natawa siya rito. "Are you sourgraping? Hindi mo matanggap na ang itinapon mo na parang basura ay isa palang napakahalagang bagay na mas mahal pa sa ginto?"

Napamaang ito. Hindi makapagsalita.

"You cheated on him. You kissed a guy right in front of our school gate and you dumped your boyfriend after a few days. And now, you're acting like you really care for him? What do you want me to believe?"

"Ang kapal naman ng mukha mo!" Umangat ang kamay ng babae para sampalin sana siya nang may pumigil rito.

Napatingin silang dalawa sa may-ari ng kamay na iyon at nakita niya ang pamilyar na singsing. Napamaang sila kapwa kay Ivan na nagbabaga ang mga matang nakatingin kay Stella.

"Don't you ever try to lay a hand on my girlfriend!" tiim-bagang na sabi nito at binitiwan ang kamay ni Stella.

Napaatras ang huli. Naramdaman na lang niyang hinawakan ni Ivan ang kanyang kamay at saka hinila

na siya papunta sa kanilang classroom. Napatingin siya sa side view ng mukha ng lalaki. He looked so grim. Nagalit ba talaga ito kay Stella dahil muntik na siyang saktan ng ex nito?

"I can feel your eyes on me, you know?" sabi ng binatilyo.

"H-hindi, ah. Hindi ako nakatitig sa 'yo," deny niya. Nagbawi tuloy siya ng tingin. Pero nahuli niya ang pagkangiti nito.

Hindi nila alintana ang schoolmates nilang nasa hallway at nasaksihan ang eksena kanina at ngayon ay nakatingin pa rin sa kanila.

Tumigil si Ivan para tingnan siya. "Bakit ka ba nakikipag-usap pa kay Stella, ha? Hindi mo ba siya pwedeng balewalain na lang?"

Kumunot ang noo ni Kaye. "Hinarang niya ako sa daan. Ano'ng gusto mong gawin ko?"

Napabuga ito ng hangin. "Kailangan mo yata ng bodyguard. Wala akong tiwala kay Stella. Baka saktan ka niya or something. I don't want that."

Nalaglag ang panga niya. "Bodyguard. You're joking, right?"

Seryoso pa rin ito. "Mukha ba akong nagbibiro?"

Siya naman ang napabuntong-hininga. "Kung mahal ka pa ni Stella at mahal mo siya, bakit

hindi kayo mag-usap nang masinsinan at nang magkabalikan?" mahinang tanong niya.

Naniningkit ang mga mata nitong nakatitig sa mga mata niya. His brown eyes darkened. "I don't want to be fooled twice. I can't trust her anymore. Kung ikaw ang nasa kalagayan ko, tatanggapin mo pa ba siya ulit?"

Hindi siya nakapagsalita.

Chapter Five

"I notice he's very protective of you."

Napalingon si Kaye sa may-ari ng boses na iyon. Si Joshua. Kasalukuyang nasa greenhouse silang dalawa. Nauna nang lumabas ang mga kaklase niyang babae, pati na si Vicky para sa break time. Namataan siguro siya roon ni Joshua kaya pumasok ito sa greenhouse habang inaayos niya ang kanyang hanging plants doon na ipinasa bilang project sa subject nilang Home Economics.

"Protective?" ulit niya.

"Si Ivan. He's never acted like this before."

Ikaw naman, hindi mo ako kinakausap nang mag-isa. Well, maliban na lang noong binasted kita, sa isip niya.

"Kanina pa kita hinahanap," ani Ivan na nasa pintuan ng greenhouse.

"Ah, tapos na kaming mag-usap ni Joshua."

Natawa si Joshua. "Ivan's talking to you. Ikaw ang hinahanap niya kanina pa. Sige, see you around, Kaye."

Sinundan ito ng tingin ni Ivan nang lumabas ng greenhouse. Siya ay tumutok uli sa hanging plants. Mukhang hindi niya naisabit nang mabuti at kaya tumuntong siya sa stool para ayusin iyon. Gumewang naman ang stool na ginamit niya at napatili siya.

Ang akala niya ay babagsak siya at masasaktan pero sinalo siya ni Ivan. Hindi niya alam kung kailan ito nakalapit sa kanya. Ang bilis lang kasi.

Napakapit siya sa balikat nito at buhat-buhat siya nito na parang bagong kasal. Nagkatitigan sila nang husto at magkalapit ang kanilang mukha. Kapwa nila nalalanghap ang pabango ng isa't isa, nararamdaman ang init ng hininga ng isa't isa. Agad na bumilis ang tibok ng puso niya na parang mabibingi siya. Natatakot nga siyang marinig ni Ivan ang tambol ng dibdib niya. Hindi rin normal ang paghinga nito, napansin niya.

"Mag-iingat ka kasi sa susunod," he said, lightly

scolding her. "Paano kung bumagsak ka nga?" Medyo tumaas na ang boses nito at maingat siya nitong ibinaba.

Napatingin siya sa lupa. May nakausling malaking ugat ng isang ornament na alaga ng kanilang HE teacher.

"Ano'ng pakay sa 'yo ni Joshua?" tanong nito nang naglalakad sila sa pathway patungong cafeteria. Mainit ang panahon kaya napapaypay siya ng kanyang mukha gamit ang kamay. Napatigil siya sa paglalakad nang lumitaw sa harap ng mukha niya ang kamay ni Ivan na may hawak na asul na panyo.

"Salamat," sabi niya na kinuha ang panyo upang ipaypay iyon. *Ang bango naman ng panyo niya. Amoy niya talaga.* Kahit paano ay napangiti siya.

"O, ano? Hindi mo ba sasabihin sa 'kin?" kulit nito.

Nawala ang ngiti ni Kaye. Tumikhim siya. "Wala naman. Hindi kami nakapag-usap masyado dahil dumating ka na."

He scoffed when he heard it. "Seriously! You like him?"

Ikaw ang gusto ko, Ivan. Hindi mo ba napapansin? Rebound girl lang ba talaga ang tingin mo sa 'kin? Inis niya itong tiningnan at hindi sinagot ang tanong

nito.

Dumating na ang araw ng kanilang championship. Sa ball field ng kalabang team sila naglaro. Napatingin si Ivan sa paligid. Iisang babae lang ang hinahanap ng kanyang mga mata. Si Kaye.

Nagtataka siya kung bakit hanggang ngayon ay hindi pa dumating ang dalagita. Dapat nasa *RCY* station na ito malapit sa isang corner malapit sa field. Nandoon na kasi sina Vicky at ang ibang kasamahan nito.

"Coach, sandali lang po ako," pagpaalam niya kay Mr. Gayon.

Hindi pa ito tumatango ay umalis na siya.

Pagdating sa corner ng *RCY* ay tinanong niya kaagad si Vicky na nag-aalala rin.

"Hindi ko siya ma-reach, eh," sabi nito, hawak-hawak ang cell phone.

"Gano'n ba?" Nag-aalala na rin tuloy si Ivan. "Ihahatid ba siya ng driver nila?"

"Ewan ko nga, eh. Baka naman si Kuya Kyle niya kasi iyon na ang gumagamit ng kotseng madalas niyang gamitin para hatid-sundo siya ng driver nila."

"Gano'n ba?" Hindi raw kasi ito masyadong komportableng inihahatid at sinusundo niya dahil

pretend naman ang paggiging magkasintahan nila. Isa pa, ayaw raw siya nitong abalahin.

Kahit hindi niya nakikita si Kaye sa buong laro ay pinilit niyang mag-concentrate sa game. Gusto niya kasing maipagmalaki siya ng dalagita. Nanalo nga sila pero kulang ang sayang naramdaman ni Ivan dahil hindi man lang niya narinig ang boses nito.

Tinawagan niya ang numero nito pero out of reach. Nakibalita na rin siya kina Vicky at John pero walang ideya ang mga ito. Nagpasama na siya kay Vicky pagkatapos ng laro sa bahay ng dalagita. Pero mukhang walang tao roon.

Ilang araw ring absent si Kaye. Nang bumalik ito ay halatang hindi na ito gaya ng dati. Sa tuwing lumalapit siya rito ay umiiwas ito sa kanya. Nang kausapin niya si Vicky ay wala naman itong masabi sa kanya. Naisip niyang baka pinagbawalan ito ni Kaye na sabihin sa kanya ang problema.

Kahit noong senior prom nila nang *Valentine's Day* kung saan mag-partner sila ay tila napilitan lang ito. Hindi niya alam kung ano ang problema nito dahil ayaw nitong sabihin sa kanya. Nagagalit ito kapag pinipilit niya. Buti na lang tinanggap nito ang regalo niya para sa araw na iyon.

Dumating ang kanilang graduation day. Siya

ang naging Valedictorian at iyon ang huling araw na nakita niya si Kaye. Nagpakuha sila ng larawan. Alam niyang pinagbigyan lang siya nito.

"This is the last day of my being your rebound girl, Ivan," malungkot na ngiting sabi ni Kaye.

And now, a decade had passed.

Nakatingin sa bintana ng kanyang opisina si Ivan. Nag-iisip.